# Bookings

Ang pagpapa-book ay maaaring gawin nang personal sa Tanggapan ng City Clerk na matatagpuan sa City Hall mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:30 am hanggang 4 pm (hindi kabilang ang iniuutos ng batas na mga holiday) o online sa www.brampton.ca/SkipTheLine

- Ang mga petsa at oras ay sakop ng pagiging available.
- Ang isang balidong marriage license (lisensya ng pagpapakasal) ay kailangang bilhin bago ang pagpapa-book sa seremonya.

# Lokasyon

Ang mga Seremonya ng Kasalang Sibil o Civil Marriage ay isinasagawa sa Brampton City Hall na matatagpuan sa 2 Wellington St. W., Brampton, Martes hanggang Biyernes sa panahon ng mga oras na may pasok sa trabaho (hindi kabilang ang iniuutos ng batas na mga holiday). Ang venue ay pwedeng mag-accommodate ng hanggang pinakamarami walong (8) tao kabilang ang mga aplikante, saksi at panauhin (walang pinapayagang eksepsyon). Ang mga ikakasal ay darating na nakabihis at handa para sa kanilang seremonya dahil walang mga pasilidad sa premise. Ang personal na kasuotan ay dapat angkop para sa okasyon upang mapanatili ang dignidad ng seremonya, kahit na hindi kinakailangan ang pormal na kasuotang pangkasal.




I-book ang inyong seremonya ng kasal online sa **www.brampton.ca/SkipTheLine** o bisitahin ang Tanggapan ng City Clerk ngayon

Para sa karagdagang impormasyon, pakikontak ang Tanggapan ng City Clerk sa 905.874.2101 o bisitahin kami sa Brampton City Hall, 2 Wellington Street West

Kahaliling available na pormat kung hihilingin

BRAMPTON



# Mga Seremonya ng Kasalang Sibil

# Ang Seremonya

- Ang haba ng seremonya ay hanggang 30 minuto.
- Pinapayagan ang munting paglalagay ng mga bulaklak ngunit kailangang tanggalin ng mga aplikante kapag natapos na ang seremonya.
- Ang mga kandila, confetti, bigas, insenso, mga bula o katulad na mga item ay hindi pinapayagan sa seremonya o sa ground ng City Hall.

# Mga Interpreter

Ang (mga) aplikante ay inuutusan na magbigay ng isang interpreter kung hindi sila nakakabasa at nakakaunawa sa Ingles nang mahusay.

- Kakailanganin sa interpreter na magbigay ng balidong ID na may letrato at kumpletuhin ang form ng Panunumpa ng Interpreter bago ang seremonya ng kasal.
- Hindi pwedeng maging isang testigo ang interpreter.




# Mga Saksi

Dalawang (2) saksi ang kinakailangan (isa para sa bawat aplikante) na dadalo sa panahon ng seremonya ng kasal. Ang mga saksi ay pwedeng ibigay sa halagang $30 bawat saksi at kailangang i-book nang di-bababa sa tatlong (3) araw na may pasok sa trabaho bago ang seremonya.

Ang mga saksi ay kailangang di-bababa sa 16 na taong gulang at mahusay na nakakaunawa at nakakapagsalita ng Ingles.

# Patakaran ng Pagkansela

Ang mga pagkansela na ginawa hanggang pitong (7) araw na may pasok sa trabaho bago ang nakatakdang seremonya ay maaaring mai-refund at sakop ng isang $50.00 plus HST ($56.50) na pang-administrasyon na bayarin.

Ang mga pagkansela na ginawa nang mas mababa sa pitong (7) araw na may pasok sa trabaho bago ang isang nakatakdang seremonya ay hindi na pwedeng i-refund.

# Ang Pagbabago ng Petsa

Ang anumang pagbabago ng petsa na ginawa hanggang pitong (7) araw na may pasok o higit pa bago ang seremonya ay maaaring mai-refund at sakop ng $50.00 plus HST ($56.50) na pang-administrasyon na bayarin.

Ang anumang pagbabago ng petsa na ginawa nang mas mababa sa pitong (7) araw na may pasok sa trabaho ay itatratong pagkansela at hindi pwedeng i-refund. Ang anumang hiling na baguhin ang petsa o ng time slot ay depende sa pagiging available.



# Patakaran sa Pagiging Huli

Inirerekumenda na ang lahat ng partido (ang dalawang ikakasal at ang dalawang saksi ay dumating ng magkakasama 15 minuto bago ang kanilang nakatakdang seremonya upang matiyak na magaganap ang seremonya ayon sa pinlano.

Ang mga aplikante, saksi at panauhin na huling dumating sa isang nakatakdang seremonya ay hindi na tatanggapin – **walang eksepsyon**.

Ang mga aplikante na huling dumating ay itatratong "no shows" o "hindi nagpakita", ikakansela ang seremonya at hindi ire-refund ang mga ibinayad. **Walang eksepsyon** sa patakaran na ito.

# Mga Bayarin

Ang bayarin para sa sibil na seremonya ay $250 plus HST ($282.50). Hindi kabilang sa bayarin ang gastos para sa marriage licence, na kailangang hiwalay na bilhin.

- Ang bayarin na ito ay kailangang bayaran nang kumpleto sa panahon ng pagpapa-book.